|---|---|---|
| Delos Reyes Legal Services<br>Counsel for Petitioners<br>delosreyeslegalservices2013@gmail.com<br>821 F. Gomez St., City of Santa Rosa, Laguna | ☐ Registered Mail<br>☐ Personal Service<br>☐ Email | |
| Department of Environment and Natural Resources<br>Visayas Avenue, Diliman, 1100 Quezon City | ☐ Registered Mail<br>☐ Personal Service<br>☐ Email | |
| Land Registration Authority<br>East Avenue, Quezon City | ☐ Registered Mail<br>☐ Personal Service<br>☐ Email | |
| Register of Deeds<br>Muntinlupa City | ☐ Registered Mail<br>☐ Personal Service<br>☐ Email | |

**Publication: PVN Point Viewer Publishing**
**Dates: August 31 & September 7, 2026**




# Rep. Santos, nanawagan ng mas mahigpit na proteksyon sa mga bata sa social media

Nanawagan si Las Piñas Lone District Rep. Rep. Mark Anthony Santos sa mga social media company na palakasin ang age verification, parental controls at transparency sa kanilang recommendation algorithms.

Hinimok din ng mambabatas ang Kongreso na suriin ang mga kasalukuyang batas upang mas mapanagot ang mga platform sa mapanganib na content na naaabot ng mga bata.

Suportado ni Santos ang paglilimita sa paggamit ng social media ng mga batang wala pang 14 taong gulang at mas mahigpit na parental controls para sa edad 14 hanggang 17.

Nagbabala rin ang mambabatas na mas nagiging mahirap para sa mga bata at kabataan na makaiwas sa mapanganib at ilegal na content sa social media dahil sa mga algorithm ng mga platform. Ayon kay Santos, awtomatikong nagrerekomenda ang mga algorithm ng content batay sa mga pinapanood, hinahanap at ini-interact ng mga user.

Dahil dito, maaaring paulit-ulit na lumabas sa screen ng mga menor de edad ang content tungkol sa ilegal na droga, sugal, pornograpiya, karahasan at self-harm kahit hindi nila ito sadyang hinahanap.

Sinabi rin ni Santos na ginagamit ng mga sindikato ng droga ang social media, pekeng account at private messaging para makalapit sa mga kabataan. Kabilang dito ang tinatawag na "dead drop," kung saan iniiwan ang ilegal na droga sa isang lugar at ipinapadala sa tatanggap ang lokasyon nito sa pamamagitan ng mensahe o larawan.

# House Ethics panel, itinutulak bigyang pagkilala ang 98 mambabatas na may perfect attendance sa Kamara

Aabot sa 98 na mambabatas ang nakatakdang tumanggap ng opisyal na pagkilala mula sa Kamara matapos makakuha ng perfect attendance sa lahat ng 39 plenary session ng First Regular Session ng ika-20 Kongreso (Hulyo 2025 – Hunyo 2026).

Ayon kay House Ethics Committee Chairman JC Abalos, layon ng House Resolution No. 1394 na itaguyod ang kultura ng disiplina at pananagutan sa gobyerno.

Ang naturang resolusyon ay inihain nina Speaker Bojie Dy III, Majority Leader Sandro Marcos, Minority Leader Marcelino Libanan, at Rep. Abalos upang magsilbing inspirasyon at pamantayan sa lahat ng hinalal na lingkod-bayan.

"Ethics should not only be about punishment. If we want to build a stronger institution, we should also recognize Members who demonstrate the discipline and commitment that public service demands. Hindi lang dapat tayo naghahanap ng mali. Dapat marunong din tayong kumilala ng tama," pahayag ni Rep. Abalos.



# Phivolcs, nagbabala sa banta ng lahar flow sa palibot ng Taal volcano at Mt. Pinatubo

Nagpalabas ng babala ang Philippine Institute of Volcanology and Seismology (Phivolcs) ukol sa banta ng lahar flow sa palibot ng Taal Volcano at Mt. Pinatubo ngayong araw, Agosto 29, dahil sa walang tigil na pagbuhos ng ulan na dala ng hanging habagat.

Ayon sa ahensiya, ang patuloy at mabibigat na pag-ulan ay maaaring magdulot ng mga volcanic sediment flow o lahar flow, mudflow, at pag-agos ng maputik na tubig sa mga sapa at ilog. Ang malalaking bulto ng lahar at putik ay posibleng tumuloy sa mga drainage canal at umabot sa mga mababang komunidad.

Dahil dito, pinag-iingat ng Phivolcs ang publiko at pinatututukan ang sitwasyon sa mga pre-determined zones o mga lugar na dati nang natukoy na madaling maapektuhan ng lahar at mudflow.

Kabilang sa mga pangunahing pinapabantayan ang mga sapa sa kanlurang bahagi ng Mt. Pinatubo kung saan naipon ang malaking bulto ng pyroclastic density currents (PDC) mula pa noong 1991 eruption. Ang naturang lahar ay maaaring dumaloy sa mga sapa at ilog na sakop ng mga bayan ng San Marcelino, San Narciso, San Felipe, at Botolan sa Zambales.

Posible ring magkaroon ng lahar flow sa hilaga at timog-silangang bahagi ng bulkan na maaaring makaapekto sa mga lalawigan ng Tarlac at Pampanga.

Samantala sa Taal Volcano, maaaring maiwanod ng malalakas na ulan ang mga naipong volcanic debris sa hilaga at kanlurang dalisdis ng bulkan patungo sa mga daluyan ng tubig hanggang sa Taal Lake. Maaaring maapektuhan nito ang mga komunidad sa Agoncillo, Laurel, at Talisay sa Batangas.

Pinaalalahanan ng Phivolcs ang mga lokal na pamahalaan sa mga nabanggit na lugar na patuloy na subaybayan ang sitwasyon at maagang magpalabas ng abiso o babala para sa kaligtasan ng mga residenteng posibleng maapektuhan.

# Bohol, nagdeklara ng dengue outbreak; Biglaang pagtaas ng kaso, maituturing na 'alarming'

Nagdeklara ng dengue outbreak ang Pamahalaang Panlalawigan ng Bohol matapos lumampas sa epidemic threshold ang mga kaso sa loob ng tatlong magkakasunod na linggo.



Batay sa Executive Order No. 40 na nilagdaan ni Gov. Aris Aumentado noong Agosto 25, umabot sa 1,863 ang kaso at 21 ang nasawi mula Enero 4 hanggang Agosto 22, 2026.

Kaugnay nito, inatasan ang mga lokal na pamahalaan na paigtingin ang 4S Strategy, magsagawa ng search and destroy laban sa mga breeding site ng lamok, at palakasin ang dengue response kabilang ang pagtatatag ng Dengue Fast Lanes.

Batay pa sa datos na inilabas ng mga local health officials, nangungunang may pinakamataas na kaso ang Talibon, Tagbilaran City, Ubay, Getafe, Tubigon, Inabanga, Trinidad, Dauis, Mabini, Candijay, at Jagna.

Nangunguna namang mga lugar na may naitalang namatay ang Talibon, Tubigon, Getafe at Ubay.

Samantala, sa pagtatanong ng Star Fm Cebu kay Provincial Health Officer Dr. Fruserma Mary Uy, sinabi nitong bagama't halos kapareho lamang ng bilang noong nakaraang taon ang mga naitalang kaso, nakababahala ang biglaang pagtaas o spike ng mga kaso ngayong taon.

Ayon kay Uy, binigyang-pansin din ang case fatality rate, dahil mula sa limang nasawi noong 2025 ay umabot na sa 21 ang namatay ngayong taon, na may higit 1.17% case fatality rate.

Dahil dito, umaasa siyang hindi na ito tataas pa kasabay ng mas pinaigting pa na mga hakbang upang mapigilan ang patuloy na pagtaas ng mga kaso at pagkamatay.

# Heart Evangelista, Raymond Gutierrez, pinag-uusapan online dahil sa umano'y namumuong alitan



Muling pinag-uusapan online sina Heart Evangelista at Raymond Gutierrez matapos mapansin ng mga netizen ang ilang cryptic posts ng huli at ang umano'y pag-unfollow nila sa isa't isa sa Instagram.

Nagsimula ang espekulasyon nang mag-post si Raymond ng Instagram Story na may caption na "What a joy to have real friends! #CleanMoneyGirls."

Ibinahagi niya ito matapos makatanggap ng batikos sina content creators Mimiyuuuh at Esnyr dahil sa kanilang biro tungkol sa pagiging "nepo baby" at pagkakaroon ng "clean money."

May ilang netizens na nag-isip na maaaring patungkol kay Evangelista ang naturang biro.

Samantala, nag-post din si Raymond tungkol sa mga nararanasang pagbaha sa bansa.

Aniya, habang ang ilan ay nakatuon sa fashion at mga sale, marami namang Pilipino ang nakararanas ng epekto ng pagbaha.

Giit niya "deserve" nang mga Pilipino ang makatanggap ng maayos na serbisyo mula sa mga public servant.

Dito muling iniugnay ng ilang netizens ang patama kay Heart bagama't walang tinutukoy na pangalan si Raymond.

Una nang sinabi ni Heart na may na experience siyang isang insidente na pinagtawanan siya dahil nakasuot siya ng damit na naka-sale.

"One of them said 'Oh, I love your dress, it's on sale right?' Tas nagtatawanan sila. Alam mo 'yung parang, first and foremost, anong problema na sale? Bakit ano ba damit mo?" ani Heart.

Lalong uminit ang espekulasyon noong Agosto 22 nang mapansin ng ilang netizens na hindi na umano nagfo-follow sa isa't isa sina Heart at Raymond sa Instagram.

Hindi rin ito ang unang pagkakataon na napag-usapan ang kanilang pagkakaroon ng tampuhan.

Noong 2011, nagkaroon din ng hidwaan sa pagitan ng dalawa na nauugnay sa kanilang mga ina na sina Cecilia Ongpauco at Annabelle Rama, na naging co-manager noon ni Heart.

Sa ngayon, nananatiling espekulasyon lamang ang umano'y bagong away ng dalawa habang wala pa silang pahayag tungkol dito.



# Actor Peter Cullen ang nasa likod ng Optimus Prime pumanaw na, 85

Pumanaw na ang kilalang boses ng Transformer Optimus Prime na si Peter Cullen sa edad na 85.

Kinumpirma ng agent nito ang pagpanaw ng aktor sa bahay niya sa Los Angeles.

Hindi naman na binanggit nito ang sanhi ng kamatayan nito.

Si Cullen ay nakilala na nasa likod ng Optimus Prime ang lider ng mga Autobots sa original 1980 na "Transformers" animated TV series.

Hanggang sa isinagawa itong pelikula.Pagtuklas Ng Mga Palabas At Programa Sa TV

Nakilala din si Cullen na nasa likod ng boses ng Predator sa pelikulang "Predator" na inilabas noong 1987.

Siya rin ang nag-boses kay Mario para sa original "Donkey Kong" animated series noong 1980.

# Paliparan sa Tennesse ipapangalan sa namayapang singer na si Dolly Parton

Nakatakdang ipangalan sa namayapang legendary singer Dolly Parton ang Nashville International Airport. Sinabi ni Tennesse governor Bill Lee na ito ang kanilang plano at suportado naman ng kanilang mamamayan. Dagdag pa nito na isang malaking karangalan dahil sa itong pagkilala sa sikat na singer sa buong mundo. Sa ginawang online petition ay nakakuha ito ng mahigit na 164,000 na pirma na sumasang-ayon sa nasabing pagbabago ng pangalan ng nasabing paliparan.

Si Dolly Parton ay isinilang sa Tennesse kung saan ito ay namayapa nitong Agosto 25 sa edad na 80.



Republic of the Philippines
**REGIONAL TRIAL COURT**
NATIONAL CAPITAL JUDICIAL REGION
City of Makati
**OFFICE OF THE CLERK OF COURT AND**
**EX-OFFICIO SHERIFF**
rtc1makocc@judiciary.gov.ph
8870-1575/8870-2413

Foreclosure No. S-26-140

CITYLAND CONDOMINIUM 10
(TOWER I AND TOWER II) INC.,
Petitioner,

EXTRA-JUDICIAL FORECLOSURE OF REAL ESTATE IN ACCORDANCE WITH THE PROVISION OF SEC. 20 OF R.A. 4726 (otherwise known as the Condominium Act)

-versus-

PETROMIN SHIPPING AND
MARINE SERVICES, INC.,
Respondent/s.
x-----------------------------------------x

## NOTICE OF SHERIFF'S SALE

PURSUANT to the verified petition for Extra-Judicial Foreclosure of Real Estate filed by the Petitioner CITYLAND CONDOMINIUM 10 (TOWER I AND TOWER II) INC., in accordance with the provision of Section 20 of Republic Act 4726 (otherwise known as the Condominium Act) in relation with Act No. 3135, as amended by Act No. 4118, against Respondent/s PETROMIN SHIPPING AND MARINE SERVICES, INC. of Units 1501, 1502 and 1503 Cityland Condominium 10 Tower 1 156 HV Dela Costa St., Makati City, to satisfy the collection of Respondent/s unpaid assessment under the Amended / Master Deed with Declaration of Restriction of the CITYLAND CONDOMINIUM 10 (TOWER I AND TOWER II) INC., to the Petitioner in the total amount of P1,072,779.34 as of JULY 2026 in/exclusive of interests, attorney's fees and cost, advance and all lawful fees and expenses of foreclosure sale, the Clerk of Court VII & Ex-Officio Sheriff of the Regional Trial Court of Makati City, hereby announces that on JANUARY 13, 2027 at 10:00 o'clock in the morning or soon thereafter, in front of the Main Entrance of the CITY HALL OF MAKATI, she or any of her lawful sheriffs will sell at Public Auction to the highest bidder and for cash, in Philippine currency, the following described real property/ies with all its improvements existing thereon.

CONDOMINIUM CERTIFICATE OF TITLE NO. 58776

"UNIT NO. 1501 LOCATED AT THE FIFTEENTH STY (TWELFTH FLR.) OF THE CITYLAND CONDOMINIUM 10 TOWER 1, WITH A UNIT AREA OF 29.38 SQM. EQUIV. AREA (TOWER I) 11.77 SQM; % SHARING (TOWER I) 0.162%; % SHARING TOWER I & II) – 0.078%."

CONDOMINIUM CERTIFICATE OF TITLE NO. 50740

"UNIT NO. 1502 LOCATED AT THE FIFTEENTH STY (TWELFTH FLR.) OF THE CITYLAND CONDOMINIUM 10 TOWER 1, WITH A UNIT AREA OF 16.21 SQM. EQUIV. AREA (TOWER I) – 6.49 SQM; % SHARING (TOWER I) 0.089%; % SHARING (TOWER I & II) – 0.043%."

CONDOMINIUM CERTIFICATE OF TITLE NO. 50741

"UNIT NO. 1503 LOCATED AT THE FIFTEENTH STY (TWELFTH FLR.) OF THE CITYLAND CONDOMINIUM 10 TOWER 1, WITH A UNIT AREA OF 65.56 SQM. EQUIV. AREA (TOWER I) – 26.27 SQM; % SHARING (TOWER I) – 0.361%; % SHARING (TOWER I & II) – 0.174%."

All sealed bids must be submitted to the undersigned on the above-stated time and date.

In the event the public auction should not take place on the said date, it shall be held on JANUARY 27, 2027 without further notice.

Interested parties are hereby enjoined to investigate for themselves the title to the said real property/ies and the encumbrances thereon, if any there be.

Makati City, September 01, 2026

**(SIGNED)**
**MARY GRACE E. DIONISIO**
Sheriff IV

**(SIGNED)**
**ATTY. JACQUELINE D. LEDDA**
Officer-in-Charge
per Memorandum dated 23 June 2026

Copy furnished:

Petromin Shipping and Marine Services, Inc. – Units 1501, 1502 and 1503 Cityland Condominium 10 Tower 1 156 HV Dela Costa St., Makati City

Atty. Albert Anthony H. Ocampo – 2/F Cityland Condo 10 Tower 1, 156 HV Dela Costa St., Makati City

**Publication: PVN Point Viewer Publishing**
**Dates: September 07, 14 & 21, 2026**

# British actor Tim Curry pumanaw na, 80

Sinabi ng publicist na si Sean Katz na namayapa ang aktor sa kaniyang bahay sa Toluca Lake, Los Angeles.

Nirespondehan ng kapulisan ang tawag sa kanila na may nakitang walang buhay na lalaki sa kaniyang bahay.

Kinumpirma ng Los Angeles Fire Department na kanilang sinubukan bigyan ng medical attention ang biktima subalit hindi na nila ito na nailigtas pa.

Hindi naman na binanggit ng mga otoridad ang sanhi ng kamatayan ng aktor subalit noong 2012 ay nakaranas ito ng major stroke at mula noon ay ilang taon na nagkaproblema sa kaniyang kalusugan.

Nakilala siya pelikulang "Rocky Horror" noong 1975 ganun ang fantasy film na "Legend".

Pagdating dekada 90 ay mas nakilala ito sa pagganap bilang demonic clown na "IT".Mga Pelikula

Si Timothy James Curry ay isinilang noong Abril 19, 1946 sa Grappenhall, England kung saan ang kaniyang ama ay chaplain sa Royal Navy.

Noong ito ay 12-anyos ay pumanaw ang kaniyang ama matapos mai-strok it.

Lumipat sila sa London kung saan nagpasya si Curry na maging aktor kung saan nakatanggap ito ng college degree sa teatro noong 1968.

Ang unang role niya ay sa production ng "Hair" at matapos nito ay sunod-sunod na ang alok sa kaniya sa pelikula.



# Bruno Mars magsasagawa ng 2 araw na konsiyerto sa bansa

Nakatakdang magsagawa muli ng konsiyerto sa bansa si Filipino-American singer Bruno Mars.

Ang "The Romantic Tour" ay gaganapin sa Mayo 15 at 16, 2027 sa Philippine Arena.

Magsisimula naman ang presale ng tickets mula Setyembre 11 habang ang general na pagbebenta ng tickets ay mula Setyembre 14. Huling nagsagawa ng konsiyerto si Bruno Mars ay noong taong 2023.



# Concerts ni Kanye West sa Russia kinansela na

Hindi na itutuloy ng Russian stadium ang paghohost nila ng concert ng American rapper na si Ye o kilala bilang si Kanye West.

Ayon sa St Petersburg's Gazprom Arena na hindi na matutuloy pa ng concert ng American rapper.

Si West sana ang unang American rapper na magtatanghal sa Russia mula ng atakihin nila ang Ukraine sa taong 2022.

Plano kasi din ni West na makabawi sa kaniyang mga negatibong naisambit noon laban sa Russia.

Habang ang pamunuan ng Gazprom Arena ay nakatanggap ng reklamo laban kay West. Ang nasabing concert nito ay nakatakda sa darating na Oktubre 10 at 11.

## Monday History Facts

# The Colosseum was originally clad entirely in marble



When you visit or see the Colosseum these days, you'll notice how the stone exterior appears to be covered in pockmarks all across its surface.

Whilst you might assume this is just a degradation of the material due to its age, it is actually because it was originally clad almost entirely in marble.

The reason for the pockmarks is after the fall of Rome; the city was looted and pillaged by the Goths. Yes, that's right, the Goths!

They took all of the marble from the Colosseum and stripped it (mostly) down to its bare stone setting.

The holes in the stone are from where the iron clamps and poles attaching the marble cladding to it have been ripped out.





#308 Barangka Drive in front of Bonifacio Javier National High School, Mandaluyong City

Contact : Juliana Diesta # 09052264801

krusty.ebox@gmail.com

Publication: PVN Point Viewer Publishing
Dates: September 07 - 13, 2026




FB PAGE: www.fb.com/SEJCondoHotel
Contact No. 09665262989

Publication: PVN Point Viewer Publishing
Dates: September 07 - 13, 2026


**Republic of the Philippines**
**National Capital Judicial Region**
**OFFICE OF THE CLERK OF COURT**
**Regional Trial Court of Manila**
**rtc1mnlocc@judiciary.gov.ph**
**0991-958-7864 / (02) 5310-0290**

**CHINA BANKING CORPORATION,**
Petitioner-Mortgagee,

-versus-

Foreclosure No. **26-5114**

**SPOUSES MA. RHAIEDA P. DEL AGUA and EDGARDO Y. DEL AGUA,**
Mortgagors,
x--------------------------------------x

**NOTICE OF EXTRA-JUDICIAL SALE**

Upon extra-judicial petition for sale under Act 3135, as amended by Act 4118, filed on July 28, 2026, against the mortgagors, Spouses Ma. Rhaieda P. Del Agua and Edgardo Y. Del Agua with postal addresses at: (1) Unit 1214, Victoria De Manila, Tower C, Malate District, 1004 Manila; (2) 627 Corcuera St., Tondo, Manila; and (3) 677 Marulas A, Caloocan City, to satisfy the mortgage indebtedness which, as of June 29, 2026, amounts to PESOS: **FIFTEEN MILLION ONE HUNDRED FIFTY TWO THOUSAND TWO HUNDRED NINE and 03/100 (Php15,152,209.03),**[1] pursuant to the Real Estate Mortgage[2], the undersigned Acting Clerk of Court & Ex-Officio Sheriff of the Regional Trial Court of Manila, through her deputy, **Sheriff JOENARD V. TINALIGA** will sell at public auction on **October 5, 2026** at 10:00 o'clock in the morning or soon thereafter but not later than 2:00 o'clock in the afternoon, in front of the Office of the Clerk of Court, Regional Trial Court, Manila, Room 400, 4th floor, Manila City Hall, to the highest bidder, for cash or manager's check and in Philippine Currency, the following property/ies with all its improvements, more particularly described as follows:

**Condominium Certificate of Title**
**No. 002-2017005768**
**(Republic Act No. 4726)**

IT IS HEREBY CERTIFIED that the unit identified and described as:

UNIT 12C 14 – A CONDOMINIUM UNIT WITH T & B, KITCHEN SINK, LAUNDRY AND LOFT WITH AN AREA OF 43.48 SQUARE METERS, MORE OR LESS LOCATED AT THE TWELFTH FLOOR OF "VICTORIA DE MANILA" CONDOMINIUM.

in the diagrammatic floor plan appended to the enabling or master deed of the condominium project annotated on TRANSFER CERTIFICATE OF TITLE 266442-43/T-1699 & 289167-72/T-1712 which embraces and describes the land located at 1655 TAFT AVENUE, MALATE, MANILA with an area of (38.80, 342.50, 244.30, 985.00, 126.20, 55.00, 59.70, 122.00, 85.00 AND 1219.00) Square Meter, is registered in the name of:

**Owner: SPOUSES MA. RHAIEDA P. DEL AGUA AND EDGARDO Y. DEL AGUA, BOTH OF LEGAL AGE, FILIPINO CITIZENS, Address:** 627 CORCUERA, TONDO, MANILA

**Condominium Certificate of Title**
**No. 002-2017005772**
**(Republic Act No. 4726)**

IT IS HEREBY CERTIFIED that the unit identified and described as:

UNIT 12C 15 – A CONDOMINIUM UNIT WITH T&B, KITCHEN SINK, LAUNDRY AND LOFT LOCATED AT THE TWELFTH FLOOR OF "VICTORIA DE MANILA" CONDOMINIUM.

in the diagrammatic floor plan appended to the enabling or master deed of the condominium project annotated on TRANSFER CERTIFICATE OF TITLE 286442-45/T-1699 & 289167-72/T-1712 which embraces and describes the land located at 1655 TAFT AVENUE, MALATE, MANILA with an area of (38.80, 342.50, 244.30, 985.00, 126.20, 55.00, 58.70, 122.00, 85.00 AND 219.00) Square Meter, is registered in the name of:

**Owner: SPOUSES MA. RHAIEDA P. DEL AGUA AND EDGARDO Y. DEL AGUA, BOTH OF LEGAL AGE, FILIPINO CITIZENS, Address:** 627 CORCUERA, TONDO, MANILA

All sealed bids must be submitted to the undersigned on the above stated time and date.

In the event the public auction should not take place on the said date, it shall be held on **October 19, 2026** without further notice.

City of Manila, Philippines, August 12, 2026.

**(SIGNED)**
**SHAIRA A. QUERUBIN**
Acting Clerk of Court[3] & Ex-Officio Sheriff

by:

**(SIGNED)**
**CARMELA JOY R. DE GUZMAN**
Acting Assistant Clerk of Court[3]

**(SIGNED)**
**JOENARD V. TINALIGA**
Sheriff In Charge

Copy Furnished:

**CHINA BANKING CORPORATION**
8745 Paseo de Roxas cor. Villar St., Makati City

**EDGARDO Y. DEL AGUA**
**MA. RHAIEDA DEL AGUA**
(a) Unit 1214, Victoria De Manila, Tower C, Malate District, 1004 Manila;
(b) 627 Corcuera St., Tondo, Manila;
(c) 677 Marulas A, Caloocan City

**NOTE/S:**
Failure to attend at the said auction sale, despite proper notice, shall be construed as a waiver. Accordingly, the auction shall held as scheduled.

The mortgagee is required to submit an Updated Statement of Account before the scheduled auction sale

**WARNING:** It is absolutely prohibited to remove, destroy or deface this Notice of Extra-Judicial Sale on or before the date of sale, under the penalty of law.

**Newspaper: PVN Point Viewer Publishing**
**Dates: September 07, 14 & 21, 2026**

# Nasawi sa Nepal flash flood, halos 800 na

Nag-ugat ang malagim na trahedya sa pagguho ng isang malaking glacier sa kabundukan ng Himalayas noong Miyerkules na nagpakawala ng napakalakas na agos ng bato, yelo, at putik sa mga ilog ng Trishuli at Bhotekoshi.

Nasa higit 3,000 katao ang kabuuang bilang ng mga nawawala sa Nepal at sa rehiyon ng Tibet sa China, kung saan ang ilang bangkay ay natangay na patungo sa karatig-bansa na India.

Kabilang sa mga patuloy na hinahanap sa kasalukuyan ang mahigit 900 na manggagawa mula sa 11 hydropower projects sa Nepal na natabunan ng makapal na putik at mga labi.

Naglunsad na ng malawakang rescue operations ang pamahalaan ng Nepal gamit ang humigit-kumulang 19,000 security personnel at 16 na helikopter upang mahanap ang mga biktima sa kabila ng masungit na panahon.

Nagpadala na rin ng tulong at mga ekspertong koponan ang India at Tsina, habang nag-abot na rin ng milyun-milyong dolyar na humanitarian aid ang United Nations at iba't ibang mga bansa.

Tinatayang lumampas na sa $4 bilyon ang kabuuang pinsala sa imprastraktura ng nasabing kalamidad habang patuloy pa rin ang banta ng panibagong pagbaha sa hilagang bahagi ng Nepal.



**Umabot na sa halos 800 katao ang kumpirmadong nasawi habang libu-libo pa ang nananatiling nawawala matapos ang malagim na pagbaha at pagguho ng lupa sa hangganan ng Nepal at Tsina.**

# Alex Eala, kumpirmadong kakatawan sa PH sa 2026 Asian Games

Ayon kay Philippine Tennis Association (PHILTA) Secretary General at Navotas City Mayor John Rey Tiangco, may dalawang malalaking turneyo pa ang nakatakdang salihan ni Eala bago siya lumipad patungong Japan para sa nasabing rehiyonal na kompetisyon. Kabilang sa kaniyang haharapin ang prestihiyosong US Open na susundan agad ng Singapore Tennis Open, isang WTA 500 event na tatakbo mula Setyembre 21 hanggang 27.

Sa kabila ng pagsabay ng Asian Games sa dalawa pang importanteng WTA 1000 tournaments—ang China Open at Wuhan Open—tiniyak ng kampo ni Eala na priority nito ang maglingkod at magdala ng karangalan sa bansa.

Kung babalikan ang nakalipas na Asian Games, matagumpay na nakapag-uwi si Eala ng bronze medal para sa Pilipinas, habang nagbulsa rin siya ng gold medal sa nakaraang Southeast Asian Games. Balitang Pilipinas

Napakalaki ng nakataya sa darating na kompetisyon dahil ang sinumang magwawagi ng gintong medalya sa Asian Games tennis tournament ay direktang makakakuha ng slot para sa 2028 Los Angeles Olympics.



Kumpirmado na ang paglalaro ng Pinay tennis star na si Alex Eala sa nalalapit na 2026 Asian Games na gaganapin sa Nagoya, Japan, sa kabila ng kaniyang mahigpit na iskedyul at mga kontrata sa Women's Tennis Association (WTA).



## EJ Obiena nagtapos sa pang-limang puwesto sa torneo sa Switzerland

Nagtapos sa pang-limang puwesto si Pinoy pole vaulter EJ Obiena sa Weltklasse Zurich Diamond League sa Switzerland.

Ito ay matapos na makamit nito ang clearance na 5.90 meters.

Dahil dito ay tiyak na ang kaniyang pagpasok sa World Athletics Championships.

Pinilit ng 30-anyos na si Obiena para ubusin ang tatlong natitirang attempts nito sa 6.0 meters.

Nahigitan siya ni Chris Nilsen ng US na nakapag-cleared din ng 5.90 meters.

Gaya ng inaasahan ay nadomina ni Mondo Duplantis ang torneo na mayroong 6.25 metes.

Pumangalawa namansi Emmanouil Karalis ng Greece na nakapag-clear ng 6.20 meters at si Sondre Guttermsen ng Norway na nagtala ng 6.0 meters.

## Justin Arana papalitan si Carl Tamayo sa laban ng Gilas kontra Iran

Inilabas na ng Samahang Basketbol ng Pilipinas ang final 12 na manlalaro ng Gilas Pilipinas para sa paghaharap nila kontra Iran ngayong araw, Agosto 30 para sa fourt window ng FIBA World Cup Asian Qualifiers.Gaya ng unang mga listahan noong pagharap nila sa Jordan ay walang nabago at tanging napalitan lamang ay si Carl Tamayo. Papalitan ni Justin Arana si Tamayo matapos na magtamo ito ng injury sa laro nila ng Jordan nitong Biyernes, Agosto 28.

Ito ang unang paglalaro ni Arana sa Gilas Pilipinas.

Magugunitang sa unang laro ng Gilas Pilipnas sa fourt window ay pinangunahan ni June Mar Fajardo, Justine Baltazar, AJ Ed, Juan Gomez De Liano,Chris Newsome, CJ Perez, Kevin Quiambao, Dwight Ramos,Troy Rosario, Kai Sotto at Scottie Thompson.


# PVN SPORTS

VOL. 09 | ISSUE NO. 06 | SEPTEMBER 07 - 13, 2026 | ₱ 15.00


## North Korea magpapadala ng mahigit 100 atleta sa Asian Games

Magpapadala ang North Korea ng mahigit na 100 atleta para sumbak sa Asian Games na gaganapin sa Japan sa susunod na buwan.

Lalahukan ng mga North Korean athletes ang nasa 14 sporting event.

Kinabibilangan ito ng mga events ng men's at women's football,weightlifting,boxin at wrestling.

Noon kasagsagan ng pananalasa ng COVID-19 ay hindi lumahok ang North Korea sa nasabing international sporting competitions.

Bumalik lamang sila noong 2023 Asian Games na ginanap ito sa China ganun din sa Paris Olympics.

Sa 2023 Asian Games ay nakapag-uwi sila ng 11 gold medals sa weightlifting.



## Gilas Pilipinas, dinaig ang Jordan sa overtime thriller

Nagpakitang-gilas ang Gilas Pilipinas matapos nitong talunin ang Jordan, sa iskor na 82-81, sa isang dikdikang overtime matchup sa FIBA Basketball World Cup 2027 Asian Qualifiers Window 4 nitong Biyernes, Agosto 28, na ginanap sa Mall of Asia Arena sa Pasay.

Tabla sa 72-71 ang dalawang koponan sa huling quarter ng laro, ngunit nakahanap ng paraan ang Pilipinas na maungusan ang Jordan sa overtime upang masungkit ang panalo.

Nanguna si Kai Sotto sa Gilas na may double-double na 18 puntos at 14 rebounds nagdagdag naman si CJ Perez ng 16 puntos, habang parehong may 14 puntos sina Kevin Quimbao at Dwight Ramos.

Sa kabila ng matinding laban, nanatiling matatag ang Gilas at naipreserba ang isang puntos na kalamangan hanggang sa matapos ang laro. Matapos ang panalo kontra Jordan, magpapatuloy ang kampanya ng Pilipinas sa qualifiers sa kanilang susunod na laban kontra Iran sa SAgosto 30, 2026.

## Filipinas target na makahakot ng medalya sa Asian Games

Target ng Filipinas ang women's national football team ng bansa na makahakot ng medalya sa 20th Asian Games na gaganapin sa Aichi-Nagoya sa susunod na buwan.

Ang nasabing torneo ay bahagi ng kanilang paghahanda para sa 2027 FIFA Women's World Cup na gaganapin sa Brazil.

Noong Hunyo ay nagsagawa ang koponan ng dalawang tune-up games sa US labang sa San Diego Wave at Albon San Diego.

Maituturing na ang Asian Games ay siyang unang torneo kung saan sasabak ang Filipinas mula ng sumabak sila sa AFC Women's Asian Cup sa Australia.

Muling nakabalik sa World Cup ang Filipinas sa pamamagitan ng 2-0 na panalo laban sa Uzbekistan noong Marso. Sinabi ni Filipinas coach Mark Torcaso na ang nasabing sitwasyon ay isang oportunidad umano para mapalawig ang kanilang mga manlalaro na hindi makapaglaro sa Asian Games at bahagi na rin ng FIFA International window.





## Hawks player Jonathan Kuminga lumipat na sa Timberwolves

Lumipat na sa Minnesota Timberwolves si Atlanta Hawks player Jonathan Kuminga.

Mayroong $13-milyon kontrata ito sa Wolves sa loob ng dalawang taon.

Mas pinili pa kasi ng 23-anyos na si kuminga ang Minnesota kaysa sa Los Angeles Lakers, Chicago Bulls at Portland Trail Blazers.

Dahil dito ay makakasama niya sina LaMelo Ball, Anthony Edwards, Jaden McDaniels at Rudy Gobert.

Si Kuminga ay pampitong overall pick sa 2021 NBA Draft ng Golden State Warriors bago naitrade sa Hawks noong nakaraang taon.

Sa kaniyang 16 regular season games sa Hawks ay mayroong average ito na 12.3 points, 5.3 rebounds, 2.1 assists at 0.9 steals.

## Benedict Mathurin, inaasahang pipirma na ng kontrata sa Pelicans



Inaasahang maglalaro na sa New Orleans Pelicans ang 2-way player na si Benedict Mathurin sa susunod na season ng NBA.

Pumayag ang 24-anyos na forward/ guard sa dalawang-taong kontrata kasama ang Pelicans, na nagkakahalaga ng $16 million.

Si Mathurin ang isa sa mga pangunahing bench player sa Indiana Pacers noong nakapasok ang koponan sa 2025 NBA Finals.

Isa sa mga malaking kontribusyon niya sa naturang finals ay sa Game 7 kung saan nagawa niyang magpasok ng career-high 27 points sa loob lamang ng 22 minutes na kaniyang paglalaro.

Sa nakalipas na season, napanatili niya ang average na 17.6 ppg, 5.4 rpg at 2.4 apg sa loob ng 54 games na kaniyang inilaro sa regular season.

Taong 2022 noong napili ang bagitong player bilang 6th overall pick ngunit matapos ang ilang taon niyang pananatili sa Pacers ay tuluyan din siyang lumipat sa Los Angeles Clippers.

Ilang match lamang ang kaniyang inilaro sa Clippers bago tuluyang pumayag sa 2-year contract kasama ang Pelicans.